OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: NOV 0 5 2019
Time:

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-133

**"HUMIHILING SA BUTIHING PANGULO NG PILIPINAS, KGG. RODRIGO ROA DUTERTE, SA PAMAMAGITAN NG KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA, IGG. WILLIAM DOLLENTE DAR, NA NAWA'Y MALAANAN NG PONDO PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS PARA SA PAGSASA-AYOS NG FARM TO MARKET ROAD NA NAKADATAL SA BONGA MENOR, BUSTOS, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG SAMPUNG MILYONG PISO (PHP10,000,000.00)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

---

**SAPAGKA'T**, ang kakalsadahin na mga farm-to-market roads ay mahalaga upang makapaghatid ng mga produktong agrikultura mula sa mga sakahan patungo sa kabayanan o pamilihan, gayundin ang pagdadala ng mga kagamitan at pangangailangang agrikultura ng mga magsasaka sa kanilang kabukiran;

**SAPAGKA'T**, ang mga kalsadahin sa Barangay Bonga Menor ay isang mahalagang farm-to-market road, ngunit ito ay sira-sira na at mahirap nang daanan;

**SAPAGKA'T**, ang pagsasa-ayos ng farm-to-market road sa Barangay Bonga Menor ay magsisilbing malaking pakinabang, kapaburan sa mga kababayan nating magsasaka, tungo sa mas mataas na kalidad ng pananakahan sa ating Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, gayundin, kung mapapa-ayos ang nasabing kalsada ay mapapadali ang pamumuhay ng mga mamamayan at motoristang dito ay dumadaan;

**SAPAGKA'T**, magiging madali din ang paghahatid ng tulong at pagresponde kung sakaling dumating ang oras ng sakuna;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA**, gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na humiling sa butihing Pangulo ng Pilipinas, Kgg. Rodrigo Roa Duterte, sa pamamagitan ng Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, Igg. William Dollente Dar, na nawa'y malaanan ng pondo Pamahalaang Bayan ng Bustos para sa pagsasa-ayos ng *farm to market road* na nakadatal sa Bonga Menor, Bustos, Bulacan na nagkakahalaga ng Sampung Milyong Piso (PhP10,000,000.00).

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ Angeles**<br>ABC President | **Angelica L. De Leon**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim